


PHILIPPINE PEDIATRIC SOCIETY

# ANO ANG KAWALAN NG MALAY O ULIRAT?




- Ang isang tao ay **“walang malay o ulirat”** kapag siya ay hindi magising sa boses o ingay at pisikal na paggalaw

- **Ibang termino.....**


  **“ nahimatay” o “collapse”**

  **“ walang malay-tao”**





# ANO ANG MGA MAAARING SANHI NG PAGKAWALA NG MALAY O ULIRAT ?



# Mga dahilan ng pagkawala ng malay :

- Aksidente na may matinding pagdurugo
- Matinding pagod o panghihina
- Gutom o mababang asukal sa katawan
- Kakulungan ng oxygen sa katawan
- Pagkalason
- Matinding init ng panahon
- Matinding karamdaman ( atake sa puso at utak)
- Kombulsyon

# Ano Ang Dahilan ng Pagkawala ng Malay ng mga Sumusunod?











**PAANO ALAMIN KUNG ANG ISANG TAO AY WALANG MALAY ?**





**Matanda at Bata** : Tapikin ang magkabilang balikat habang nagsasalita ng **"okay ka ba?"**



**Sanggol** : Tapikin ang magkabilang paa o maaaring hagurin ang likod

# Ano ang gagawin ???

Nagising o nagbalik-malay

Patuloy na walang malay

# Kapag Bumalik ang Malay ng Tao…

- **Panatilihing nakahiga**
- **Iangat ang mga paa ng 10-15 minuto**

- **Luwagan ang damit lalo na sa leeg at baywang upang makahinga ng maayos**



# Kapag Bumalik ang Ulirat ng Tao...

- **Kung may kasamang pagsusuka:**
- **Iposisyon ang biktima na nakahiga patagilid upang hindi pumasok sa daanan ng hangin ang kanyang isinusuka**



# Kapag Bumalik ang Ulirat ng Tao…

- **Pigilin ang pagdurugo kung mayroon man sa pamamagitan ng pagdiin sa sugat gamit ang malinis na panyo o tela**




- **Panatilihing maayos ang paghinga ng pasyente**

- **Tumawag ng tulong (magulang / guro / doktor / nars)**



# Paano kung Manatiling Walang Malay ang Isang Tao?








Tapikin ang magkabilang balikat habang nagsasalita ng " okay ka ba?"

Tumawag ng tulong

Pagmasdan ang dibdib kung ang tao ay humihinga sa loob ng 5-10 segundo




Kung ang tao ay hindi humihinga, simulan ang **Cardiopulmonary Resuscitation o CPR** kung may sapat na kaalaman tungkol dito

# Ano ang Nangyayari sa Taong Ito?



# KOMBULSYON



# Ano ang Kombulsyon?

**Ang *“kombulsyon”* ay isang kondisyon kung saan nagkakaroon ng abnormal at matinding panginginig ng katawan; ito ay maaaring may kasamang pagkawala ng malay**


# Bakit Kinokombulsyon ang Isang Tao ?



# Ang kombulsyon ay Maaaring dulot ng :

- Impeksyon o pamamaga sa utak ( meningitis, encephalitis)
- Aksidente  ( “traumatic brain injury” )
- Mababang asukal/ asin sa katawan
- Biglang taas at baba ng lagnat
- Tumor sa utak
- Kakulangan ng oxygen sa utak
- Sakit na gaya ng epilepsy

# Mga Sintomas ng Kombulsyon




Paninigas ng katawan



Panginginig at paglalaway



Pagkawala ng malay



Pagkatulala



# Ano ang Dapat Gawin Kapag May Taong Kinokombulsyon?




Ihiga ang tao at lagyan ng malambot na patungan ang ulo

Luwagan ang damit upang makahinga ng maayos

Itagilid ang biktima kung may kasamang pagsususka o paglalaway






Ilayo ang matutulis na bagay at huwag maglagay ng kahit na ano sa bibig

Alamin kung may ID o anumang impormasyon ang pasyente







Wag pipigilan ang kombulsyon

→

Kapag natapos na ang kombulsyon....

→

Tumawag ng kaukulang tulong

PHILIPPINE PEDIATRIC SOCIETY 1947

# MGA DAPAT TANDAAN !!

1. Manatiling mahinahon
2. Alamin kung ano ang nangyayari sa biktima upang makahingi ng kaukulang tulong
3. Panatilihing maayos ang paghinga at sirkulasyon ng biktima
4. Sa mga pagkakataong hindi humihinga ang biktima, maging handa na magbigay ng CPR (cardiopulmonary resuscitation) kung may kaukulang kaalaman tungkol dito


Thank you